# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG OKTUBRE 18, 2021, LUNES, IKA-9:35 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Louie C. De Leon | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Efren L. Diaz | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN RELEASED NAME DATE 11/23/21 TIME STA. CRUZ, LAGUNA

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RECORDED 22 NOV 2021 Sta. Cruz, Laguna

**KAPASIYAHAN BLG. 450-T2021**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 56-T2021 / KAUTUSANG PAGLALAAN BLG. 7-T2021 NG BARANGAY POBLACION V, SANTA CRUZ, LAGUNA NA NAGDARAGDAG NG ALLOWANCE NG MGA KATULUNGIN NG BARANGAY NA MAY HALAGANG P30,000.00 PARA SA TAONG 2022.**

**SAPAGKAT,** may kahilingan ang Sangguniang Barangay ng Poblacion V sa sangguniang ito na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 56-T2021 / Kautusang Paglalaan Blg. 7-T2021 na nagdaragdag ng allowance ng mga katulungin ng barangay na may halagang P30,000.00 para sa taong 2022,

**SAPAGKAT,** ang nasabing kahilingan ay iniliwat sa mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKAT**, matapos ang pag-aaral ng lupon ay inirekomendang pagtibayin na ito nang naaayon sa Local Budget Circular ng Department of Budget and Management entitled – Position Classification and Compensation of Barangay Officials and Personnel.

**SAPAGKAT,** may pasubaling anumang gagawing paglalabas ng gugulin ay pananagutan ng Sangguniang Barangay;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ni Kagalang-galang Louie C. De Leon (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan nina Kgg. Mark Anthony P. Joven, Kgg. Lucena R. Odejar, Kgg. Patrocinia S. Kalaw, Kgg. Efren L. Diaz, Kgg. Ramon D. Tan at Kgg. Ambiel John C. Panganiban at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 56-T2021 / Kautusang Paglalaan Blg. 7-T2021 ng Barangay Poblacion V, Santa Cruz, Laguna na nagdaragdag ng allowance ng mga katulungin ng barangay na may halagang P30,000.00 para sa taong 2022.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal at Sangguniang Barangay ng Poblacion V, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran.

**PINAGTITIBAY. Oktubre 18, 2021**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA TERESA ROBLES-LABOG**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan 11-16-21